# Chapter One

Nagmamamadaling naglakad si Christine Jane o CJ papunta sa parking lot. Umuulan na naman kasi.

"Sabi na nga ba!" bulalas niya nang makitang baha na sa dadaanan niya papunta sa pinagparadahan ng kotse.

Madali talagang magbaha sa lugar na iyon kahit kaunting ulan lang. Napabuntong-hininga siya at naghintay munang humupa ang tubig. Ayaw niyang lumusong at siguradong masisira ang sapatos niya.

Wala siyang matanaw na kakilala o parking attendant na puwedeng pakisuyuan na i-drive ang kotse niya sa kinatatayuan niya, iyong

puwedeng lumusong sa baha. Inilabas niya ang phone at tiningnan kung sino ang puwede niyang i-text.

Lumalakas na ang ulan. Baka sa halip na tumila ang ulan at humupa ang baha ay lalong sumama ang panahon at ma-stranded pa siya roon. Ibinalik niya ang cellphone sa bag at muling binuka ang isinara na niyang payong.

Pero hindi kaagad siya umalis. Sa totoo lang, taliwas sa mga kakilala niyang nalulungkot kapag umuulan, napapangiti siya ng ganoong panahon. Habang pinagmamasdan ang pagpatak ng tubig ay napapa-hum pa siya. May calming effect ang ulan sa kanya. Parang gusto niyang maligo roon.

Pero ayaw niya sa baha.

*Uso leptospirosis*, sabi niya sa sarili.

Saka lang niya napansin ang isang matangkad na lalaki. Palapit ito sa kinaroroonan niya. Inayos na niya ang payong para makaalis na. Pero ayaw niya talagang mabasa ang suot na sapatos. Napabuntong-hininga ulit siya.

Katabi na niya ang lalaki sa shed at napansin niyang bahagya na siyang umabot sa ilalim ng mga mata nito. Moreno ito at parang alaga ang katawan sa workout. Sa profile view, nakita niyang matangos ang ilong ng katabi at

mapupula ang labi. Napasulyap siya sa mga mata nito at nakitang nakatingin din ito sa baha.

Tila ineestima nito ang lalim ng tubig at planong tumawid.

Napansin niya ang suot nitong tracksuit na all black at puting rubber shoes. Varsity athlete malamang ito. Mukhang well-developed ang lahat ng muscles nito sa katawan.

Naamoy niya ang pabango nito. Noon tumila ang ulan at isinara ng lalaki ang payong na hawak nito. Saka lang na-realize ni CJ na nakapayong pa siya sa ilalim ng shed. Gusto niyang kutusan ang sarili.

At lumusong ang lalaki sa baha. Parang may sinabi ito, pero hindi niya narinig. Sa haba ng mga biyas nito, tinatlong hakbang lang yata nito ang nabahang bahagi ng kalye. Parang balewala rin ditong nabasa ang laylayan ng pantalon at puting sapatos nito na halatang mamahalin. Tila mas importante ritong makaalis na.

Tumingin pa ito uli sa kanya bago tuluyang naglakad patungo sa parking lot.

*May sinabi kaya talaga siya?* tanong niya sa sarili.

Namataan niyang palapit si Kuya Gerald, isang parking attendant. Nakabota ito at papunta

sa garahe.

"Miss CJ, dalhin ko na lang sasakyan mo dito," boluntaryo nito.

Nagpatulong na siya rito noon kaya kilala na nito ang kotse niya.

"Salamat, Kuya Gerald." Kinuha ni CJ ang susi sa bag niya at iniabot iyon dito.

Napatingin sila pareho ni Kuya Gerald sa parating na SUV. Tumapat ito sa shed at nagbukas ng bintana ang driver.

Nakita niya uli ang lalaking nakatabi kanina.

"O, pauwi ka na?" bati ng parking attendant dito.

Tumango lang ang tinanong at bahagyang natawa. Sinulyapan siya nito, nakangiti pa rin, bago tuluyang pinaandar ang sasakyan palayo.

Parang tumalon ang puso ni CJ. Mas naging makisig ito nang ngumiti. *Perfect kaya talaga ang ngipin niya?*

"Dito 'yun natulog kahapon," chismis ni Kuya Gerald sa kanya.

"Po?"

"Kaya siguro nagmamadaling umuwi ngayon," dugtong ng kausap.

Grabe ang traffic kahapon at madami raw ang na-stranded sabi ng kapatid niya na ginabi

ng uwi at namasahe lang. Umaga lang ang klase niya kahapon kaya hindi siya inabot ng ulan.

Naisip ni CJ, naka-SUV ang umalis na lalaki kaya baka hindi naman ang baha ang dahilan kaya hindi ito nakauwi. Mataas kasi ang sasakyan nito.

*Bad timing naman si Manong,* reklamo ni CJ, short for Christian John.

Balak niya sanang pasakayin ang babae at ihatid ito. Mukhang may sarili itong sasakyan. Parang hindi siya narinig ng dalaga nang sabihin niyang hintayin siya nito sa shed.

Ayaw niya sanang lumusong sa baha kanina, pero ginawa niya para magpakitang-gilas at magpakilala sa babae. Hindi niya rin maintindihan ang sarili. Noon lang din niya iyon ginawa.

Parang cheerful pa rin ito habang pinagmamasdan ang ang pagpatak ng ulan. It was a refreshing sight. Gusto niya sanang humingi ng permiso rito kanina para kunan ito ng litrato gamit man lang ang cell phone niya, pero ayaw rin niyang mapagkamalang weird.

Maamo ang mukha nito at cute ang dimple nito sa kanang pisngi. May pagkasingkit ang mga

mata nito, matangos na ilong, at manipis ang mapupulang labi. She was happily humming a tune. Malamang maganda ang boses nito.

Nahuli niya ang sarili na iniisip pa rin ang babae at naipilig niya ang ulo. *Saang college kaya siya? Bakit ngayon ko lang siya nakita?*

Magkakahiwalay kasi ang mga gusali ng iba't ibang courses sa university at minsan ay kailangan pang lumabas at tumawid sa mga pampublikong daan para makapunta sa ibang kolehiyo.

*Malamang freshman o transferee,* hinuha niya.

"Sige na, CJ," pilit ng kakambal niyang si Dax. "This is a chance of the lifetime." Nakahiga ito sa kama ng ospital. Na-admit ito dahil sa nagka-dengue fever at pinapataas pa ang platelet count nito bago ito payagang lumabas.

"Okay ka lang? Hindi na tayo bata! Wala nang maniniwala na ikaw ako." Hindi siya makapaniwala sa nire-request nito. Pinitik niya ito sa noo. Kung puwede lang niyang ilagay ang suwero sa leeg nito.

"Aray!"

"Umakyat na ang dengue sa utak mo!" Lumayo siya nang akmang gaganti ito.

"Pasalamat ka nakasuwero ako."

Inismiran niya ito.

"I'm serious, CJ. Importante sa 'kin ang audition na ito. Kailangan mo lang mag-disguise nang konti. Wear a mask."

They were identical twins. Magkamukha sila at magka-height pa. CJ was quite tall for a girl, 5'9" ang taas niya. At average ang pangangatawan ni Dax. Mukha itong flower boy sa Korean drama series na pinapanood niya.

"Hindi ako mukhang lalaki. Nakakainsulto ka, ha." Inirapan niya ang kakambal.

"I'm saying na… delicate ang physique ko," asar na sabi ni Dax.

Medyo naawa siya rito. Kahit na nga ba tinitilian ito ng mga kaibigan niya pati ng nakababatang kapatid ng mga ito, hindi nakakatulong ang sobrang kinis, sobrang puti ng balat, at *gandang lalaki* nito sa kagustuhan nitong mas maging manly.

Tuloy kahit nasa rock band ito, hindi na ulit ito nagpahaba ng buhok. Nagpapatubo rin ito ng balbas at bigote, pero hindi rin talaga ito ganoon ka-hairy.

"Delicate," ulit ni CJ at tumawa para hindi ito mag-pity party. "Nagrereklamo ka pa? Ako

nga ang dapat ma-insecure dahil mas makinis ka pa sa 'kin!"

"Tigilan mo na kasi ang pagbibilad sa araw," kantyaw nito.

Pero bilang tennis player at palagiang nag-eensayo, malabo ang sinasabi nito. Pangarap niyang maging top seed tennis player balang araw.

May chance na mapasama si CJ sa Unified Tennis Philippines National Junior Team. Makikipaglaban ang grupo sa mga paligsahang itinataguyod ng *International Tennis Federation* (ITF) at ng *Asian Tennis Federation* (ATF).

"I have a dream, you know," sabi ng dalaga sa kapatid.

"Then, you understand how much this audition means to me." Sumeryoso ang mukha ni Dax.

Gusto niya sanang sabihin na parang hindi naman ito ganoon kaseryoso sa pagbabanda kumpara sa kagustuhan niyang maging tennis champion. Pero ayaw niyang maliitin ang hobby nito.

"Paano kung pumalpak ako sa audition at hindi ka lalo makapasa dahil sa akin?" kontra ni CJ.

Mag-a-audition ito bilang drummer. Dahil nga kambal, nasanay silang ginagawa ang mga bagay-bagay nang magkasama. Pareho silang nag-aral mag-tennis at tumugtog ng musical instruments, pero nang mas mag-mature ay naging komportable na rin sila na hindi laging magkapareha. Isa pa, mas nagustuhan niya ang tennis dahil athletic siya samantalang mas musically-inclined si Dax.

"Kung hindi ako makakapag-audition, lalong wala akong chance."

"It feels like cheating." Hindi pa rin kumbinsido si CJ.

Napaisip ito pagkuwa'y umiling. "Nah. Cheating siguro kung mas magaling ka sa 'kin. Sige na, pumayag ka na!" At nagmakaawa ito at nangulit.

Sumuko na siya. "Hay naku. Bakit mo ba ako palaging napapa-oo?"

"Alalahanin mo, ako humarap noong gusto kang ipakilala ni Mama sa anak ng business partner niya," pambabaoy ni Dax. "Malaki ang utang mo sa 'kin, akala mo."

Natatawa pa rin siya tuwing naaalala iyon. Sinamahan niya itong magpa-makeup at pinagsuot niya ito ng damit niya para makipag-

blind date sa binatang inirereto sa kanya ng ina. Big deal dito ang ginawang pag-aahit ng bigote at balbas.

"Oo na." Napapangiti pa rin si CJ, naiisip na baka nga na-in love dito ang naka-date.

# Chapter Two

"CJ! CJ!" tawag ng hindi niya kilalang lalaki sa likuran niya.

Kinakabahan si Christine. Ayaw niyang lingunin ang tumatawag. Lagot siya kapag may nakakilala sa kanya. Lalo siyang nagmadaling maglakad para makalayo.

Pero parang humahabol ito.

"Hey, CJ," sigaw pa nito. "Wait up!"

Sasagot na sana siya para patahimikin ang tumatawag nang lumingon ang matangkad na lalaking nasa unahan niya at tuluyang humarap.

Napanganga siya nang mapagsino ito. Ito iyong kasama niyang naghintay sa waiting shed, iyong naka-SUV. Napatingin din ito sa kanya pero

inagaw na ng tumatawag ang atensyon nito.

"CJ, pare," sabi ng kanina ay humahabol na ngayon ay kalapit na nito. "Buti at nakarating ka."

Nakahinga siya nang maluwag na hindi pala siya ang tinatawag na CJ. Napakunot-noo siya at nagpatuloy nang maglakad. Mukhang CJ rin ang palayaw ng lalaking nakasama niya sa shed.

*Ano kaya ang tunay niyang pangalan?*

"Magsisimula na po ang audition," announce ng isang lalaki sa stage ng university auditorium.

Pinagmasdan niya ang setup sa stage. Nasa likuran ng lalaki ang isang drum set, may mga mikropono, at doon nakatutok ang mga ilaw.

Lalo siyang kinabahan nang makitang halos mapuno ang auditorium ng mga manonood. Nagtataka siya na ganoon pa rin kadami ang estudyante gayong halos semestral break na.

Nalaman niya kay Dax na tatlo ang final contenders para sa drummer position. Kabilang nga ang kapatid niya sa tatlong nakapasa sa pre-screening para sa papalit na drummer ng bandang *Backyard Ideas*. Kahit mukhang sikat ang mga ito sa university, hindi niya kilala ang banda.

May kasalanan pa siya kay Dax dahil nawala niya ang USB device na bigay nito. Naroon ang

recorded music ng *Backyard Ideas* na gusto nitong pakinggan niya at wala na siyang oras ngayon para hanapin pa sa Internet ang tungkol sa grupo at ang musika ng mga ito.

May lumapit sa lalaking nasa entablado at may ibinulong dito.

"If Mr. Dax Fernandez is here, kindly join us on the stage," sabi ng emcee.

Siya na lang yata ang hindi pa nagpapakita sa organizer. Iyon ang bilin ni Dax na gawin niya pagdating sa venue.

Napalunok si CJ. Kung di lang airconditioned ang buong auditorium, pinagpapawisan na siguro siya. Balot na balot kasi halos ang buong katawan niya. Baggy pants at T-shirt ni Dax ang suot niya, may cap para itago ang buhok niya at may zip up hoodie pa. Itinago na lang niya sa mahabang sleeves ang mga kamay niya. Magiging kapansin-pansin lalo kung naka-gloves siya at baka hindi pa niya mahawakan nang maayos ang drumsticks. Tanging mga mata niya lang ang litaw sa mukha niya dahil naka-face mask din siya.

Nagtungo si CJ sa gilid para umakyat sa stage at sinalubong siya ng nagpakilalang organizer. Medyo malayo sila sa emcee.

"We have seen their demo videos at nakita na rin silang mag-perform nang live sa tambayan ng ilan sa mga members ng *Backyard Ideas*," saad ng emcee. "Their skills really blew our mind." Nagpakilala ang nagsasalita bilang lead vocalist ng *Backyard Ideas* na si Mark Gomez.

Napatangu-tango si CJ habang matamang nakikinig. Importante ang final audition kay Dax. Napakarami raw applicants at masuwerteng nakapasok ito sa Final 3.

Ang plano ay ngayon mismo ipapakilala sa fans ang magiging bagong miyembro ng banda at hindi libre ang makapasok sa event.

*Andami naman yata nilang fans,* naisip ni CJ. Tingin niya ay pati taga-ibang school ay naroon.

"Ngayon pa lang malalaman ng contenders natin for drummer ang kanta na sasabayan nila ng drums," dagdag ni Mike.

Ayon din kay Dax, ganoon daw ang gagawin para i-test ang versatility ng kukuning drummer.

Napakunot-noo si CJ. Nakalimutan niyang itanong kung ano ang tinugtog ni Dax sa mga demo nito. Sinipat niya si Mark Gomez mula sa likuran. Base sa boses at tindig, parang naalala niya ang mga lead vocalist ng mga sikat na banda.

"To help me select who among them will be

the new member of *Backyard Ideas*, our judges are siyempre, my bandmates." Bahagya itong natawa at ipinakilala ang mga kabanda. "Raffy Del Rosario, our bassist..." Naghiyawan ang mga manonood.

May hitsura at mestiso ang lalaking nakapuwesto sa likod ng isang mesa sa kabilang dulo ng stage. Tumayo ito at kumaway sa mga manonood.

"Arcy Andaya, our lead guitarist," patuloy ni Mark. Parang mas malakas ang tili ng mga babae rito. "Jomar Sta. Maria, our rhythm guitarist and keyboardist."

Parang palakas nang palakas ang palakpak at sigaw ng mga fans.

Si Jomar pala iyong humahabol doon sa tinawag nitong CJ kanina, iyong lalaking kapangalan niya.

"And finally, we are really grateful that he's here to join us tonight... CJ Tamayo!"

Gustong mapailing ni Christine. Parang hihimatayin sa kakatili ang mga kababaihan.

"CJ is our former drummer and we believe it's just right that he has a say on who his successor is going to be. Promise, pare, mapapahanga ka nila," proud na sabi ni Mark.

Mukhang hindi pa na-meet nitong si CJ Tamayo ang kakambal niya. Kailangan niya lang alalahanin na siya si Dax ngayon.

Napahanga rin siya na ito pala ang drummer ng banda. Parang hindi siya makahinga. Pinapawisan na siya sa kabila ng aircon at gusto na niyang alisin ang face mask niya.

Nilapitan siya ng organizer at pinabunot ng numero mula sa hawak nitong kahon. Huli siyang nagbukas ng nakabilot na papel at siya ang panghuling magpe-perform.

Lumapit ang organizer kay Mark at ito ang nag-announce ng pagkakasunod-sunod. "Jonathan Rivera will play first, followed by Tony Rubio, and finally, Dax Fernandez."

Nagpaalam siyang magsi-CR muna.

Hinanap niya pa iyon. Bagaman pareho silang second year ni Dax, transferee siya sa university nito at first time niyang naikot ang auditorium.

Narinig niya ang kantang ibinigay kay Jonathan Rivera. Alternative rock daw ang mga demo nito kaya *'Uptown Funk'* ni Bruno Mars ang ipinatugtog dito.

Natigilan pa siya nang makasalubong sa pintuan ang dalawang babaeng palabas ng ladies' room. Ang sama ng tingin ng mga ito sa

kanya.

*Oo nga pala. Lalaki dapat ako ngayon.* At lumipat siya ng pinto.

Ini-lock na lang muna niya ang CR dahil wala namang ibang tao. Pumasok siya sa isang cubicle at inalis ang cap at face mask. Huminga siya nang malalim at hinubad muna ang jacket pati ang T-shirt.

Gusto na niyang umuwi.

Pinakinggan niya ang tugtog ng katunggali. Hindi *funky* ang pagkatugtog nito. Parang rock pa rin ang dating. Mukhang may pag-asa siya—ang kakambal niya.

Pero kung tutugtog siyang suot ang suffocating na get up, baka pumalpak siya.

Narinig niya muling nagsalita si Mark Gomez. "Let's hear *Kamikazee's 'Narda*'." Puro pop music daw kasi ang pini-perform ni Tony Rubio.

He played superbly. Kahit si CJ ay humanga sa mga drum fills ni Rubio. Ninerbyos siya ulit at saka lang natauhan nang marinig na nagpalakpakan na ang mga tao. Kailangan na niyang lumabas. Siya na ang sunod.

Napangiwi siya sa hawak pa rin na T-shirt. Basa iyon ng pawis at ayaw na niyang isuot ulit. Isinuot na lang niya muli ang jacket sa ibabaw

ng bra at isinara ang zipper hanggang sa leeg. Itinali na lang niya ang buhok at hindi na isinuot ang cap. Isinaklob na lang niya ang hood sa ulo.

Pinagmasdan niya ang mga kamay na medyo nakatago sa dulo ng sleeves. Wala sanang makapansin at sana makatugtog siya nang maayos. Kailangan niyang galingan para kay Dax.

Binuksan niya ang pinto ng cubicle at sandaling sinipat ang sarili sa salamin nang masigurong nag-iisa pa rin siya roon. Parang si Dax ang nakatitig din sa kanya. Pero moreno version.

Tinitigan niya ang hawak na face mask at isinuot iyon sa bag. Buti at may surgical masks din siyang dala. Mas manipis ang tela niyon at iyon ang isinuot niya.

Patakbo siyang lumabas pabalik sa stage.

"Dax Fernandez!" saktong tawag ni Mark.

Hinila niya lalo ang hood upang maikubli ang mukha at tumabi kay Mark.

"This kid really impressed us with his drumming skills. Heavy metal. Galing ng coordination. " Bumaling ito sa kanya. "Curious lang ako, pare. Bakit ayaw mong ipakita ang pogi mong mukha?" nakangiti nitong tanong.

Parang tumahimik at tila hinihintay ng mga

manonood ang sagot niya.

Pagtingin niya sa likuran ay saka lang niya napansin na ipinapakita sa malaking screen ang footage ni Dax na pumapalo ng drums. May bigote at balbas ito at nakatali ang buhok na abot-balikat. Mas mahaba ang buhok niya rito kaya hinayaan niyang nakatago.

Puwede niyang pakapalin ang mga kilay, pero hindi mukhang natural ang bigote at balbas sa mukha niya kaya nagsuot na lang siya ng face mask.

"Nabakla nga kami ni Jomar dito n'ung nakita namin siyang nag-perform sa tambayan," biro pa ni Mark sa audience at saka humalakhak.

Nagpanggap siyang may ubo at itinuro ang lalamunan saka umaktong parang nasasaktan kaya hindi makapagsalita.

"Ah, nag-mask ka para huwag magkalat ng virus. Anyway, I'm sure everyone is dying to hear you play a different genre so please do a Lenny Kravitz."

Napatingin siya kay Mark. *Please, please... 'Are You Gonna Go My Way?' ang ipatugtog mo.*

Ang drummer ni Lenny Kravitz na si Cindy Blackman-Santana ang dahilan kung bakit na-enjoy niya ang pag-aaral mag-drums. Ito

ang isa sa mga babaeng drummers na iniidolo niya hanggang ngayon. At dahil ang unang pagkakataong nakakita siya ng babaeng drummer ay sa music video ng kantang iyon, iyon din ang una niyang natutunang tugtugin.

"Please play *'Are You Gonna Go My Way?'*," nakangiting sabi ni Mark.

Muntik na niya itong mayakap sa tuwa.

Tumango siya rito at tinungo na ang drum set. Inisip niyang nasa tennis competition siya para hindi siya kabahan sa crowd. In-adjust niya ang taas ng upuan. Nag-inat siya nang kaunti at pinatunog ang mga buto sa mga daliri saka hinawakan ang drumsticks.

Pinalo ang snare drum, toms, at cymbals sabay sa pagtapak ng pedals ng base drums at ng hi-hat, parang warm up bago ang laban kumbaga sa sports.

Seryoso niyang sinubukang maglagay ng fills at accents. Inalala niya ang parang pakikipagtunggali kay Dax noon. Pa-complex-an ng mga kombinasyon ng mga palo, pabilisan. Doon pa lang ay tila natahimik na ang mga tao at pakiramdam niya ay maraming nakatitig sa kanya.

Nahiya si CJ nang ma-realize na medyo

ginanahan yata siya sa pagwa-warm up.

"Ready ka nang magsimula, Dax?" tanong ni Mark.

Agad siyang tumango rito.

"Okay. One, two, three, go!"

Sa simula pa lang ng kantang ito ni Lenny Kravitz ay pinapalo na ang snare drums nang tig-e-eight counts sa apat na set habang sabay sa pamilyar na tunog ng lead guitar bago ang pagkanta ni Kravitz.

She was enjoying the music. She remembered the first time she learned how to play. The feeling was uplifting and it made her forget her worries. She was even banging her head and rocking her body like she was dancing to the beat of the music.

At nang tingnan niya ang mga manonood ay nakatayo na rin ang marami sa mga ito. May mga sumasayaw kaya napangiti siya at mas ginanahan sa pagtugtog.

Nagpalakpakan at naghiyawan ang karamihan nang matapos ang kanta sa huling bagsak ng drumsticks sa snare drum.

Nakahinga na siya nang maluwag.

"Damn! Hirap naman pumili," ani Mark. "Ang gagaling nila."

# Chapter Three

"Thank you, Miss Weng Capistrano," saad ni Mark nang matapos ang intermission. Kasalukuyan silang may suot na earphones at pinapakinggan ang kanta ng *Backyard Ideas*. First time niyang narinig ang bandang tumugtog. Naalala niya ang istilo sa pagpalo ng drummer ng bandang *Bamboo* na si Vic Mercado habang pinapakinggan ang percussion part ng kanta.

Napangiti siya dahil na-imagine niya si CJ Tamayo habang nakapikit. She could vividly see him playing. Parang alam niya kung paano, gaano kalakas at kabilis ang mga palo nito at padyak sa bawat instrumento ng drum set.

Biglang naiba ang kanta. Isang medley pala ang pinapaaral sa kanila. Pinakinggan niyang maigi ang transitions.

*Galing!* She really wished she could see CJ Tamayo perform live.

"Since nakita na natin gaano kagagaling ang ating contenders for the drummer position, ang susunod na challenge sa kanila ay samahan kaming original members na mag-perform nang live ng mga kantang kasama sa bago naming album. Patikim kumbaga kung ano ang pakiramdam na maging parte ng *Backyard Ideas*. At siyempre, para i-promote na rin sa inyo ang mga kanta namin," patuloy ni Mark.

Naghiyawan ang mga tao, mukhang sabik na marinig na magtanghal ang banda.

"To give them more time to learn our new songs, we will take this opportunity to perform the songs live with our drummer, CJ Tamayo, bago niya kami iwan," dagdag nito.

Lalong nagsigawan ang audience.

Napatanga siya nang makitang lumapit si CJ Tamayo sa drum set. Her wish just came true.

Wala sa loob na inalis niya ang earphones at pinanood na itong pumalo. Tama lahat ng in-imagine niya nang tumugtog na ito.

*Bakit kaya siya aalis sa banda?*

Nakita rin kasi niya kung paanong nagkaintindihan ang members ng *Backyard Ideas* kahit hindi nagsalita. It was like they could read one another's mind. Mukhang matagal nang magkakakilala ang mga ito. Iyon marahil ang sinasabi ni Dax na brotherhood na key component umano sa tagumpay ng isang banda.

Gusto nitong mapabilang sa grupo hindi lang para makatugtog nang may kasama kundi para na rin siguro sa kagustuhang mapabilang sa ganoong samahan. Sa tingin niya ay mapapabuti si Dax sa *Backyard Ideas*. Gusto rin niyang mapili ang kanyang kapatid.

Sa parteng iyon ay magkaiba sila ng kakambal. Gusto ni Dax ang companionship at camaraderie samantalang siya ay mas gustong mapag-isa at sa sarili lang umasa. Tulad ng paglalaro niya ng tennis sa singles division. She was always competing for herself.

*And I'm okay with it. There is nothing wrong with aspiring to be the best,* kunot-noong kumbinsi niya sa sarili dahil kahit kailan ay hindi siya nakaramdam ng kalungkutan at hindi niya kinuwestyon ang independence niya.

Nagulat siya nang mapansing nakatitig sa

kanya si CJ Tamayo. Dahil ba halatang hindi niya pinag-aaralan ang ipapatugtog sa kanila? Parang napailing ito at naglagay ng fills, tila nanggigil sa pagpalo.

*Nagyayabang ba siya at ipinapakitang di ko siya kayang tapatan?*

Napalitan ng pagkaasar ang paghanga niya kanina lang. Wala sa loob na napasimangot siya at tinitigang maigi ang pagtugtog ni CJ Tamayo. Inaral at minemorya niya ang pagkakasunud-sunod ng pagpalo nito at in-imagine ang sarili sa harap ng drum set na ginagaya ang lahat ng ginagawa nito. Napansin niyang parehong medley ang tinugtog ng mga ito.

Ginagawa niya rin ito noong tinuturuan pa lang sila ni Dax na mag-drums. Naalala niya ang sabi ng drum teacher nila.

*"Technically speaking, mas magaling ka sa kapatid mo, CJ. Point blank kaya mong gayahin lahat ng mga sets ng beats at patterns sa pagpalo ng kahit sinong drummer, pero parang wala kang puso. Si Dax, dinadama niya ang pagtugtog. Mas melodic. May sariling istilo."*

Nainis siya sa teacher nila kaya hindi na nagpaturo. Parang sinabi nito sa kanyang hindi siya magiging successful as a professional

drummer.

Simula noon, kapag may gusto siyang araling kanta, nanonood na lang siya ng videos ng covers o tutorials sa Internet. Hindi rin naman siya tulad ni Dax na seryosong gawing career ang pagbabanda.

Nang siya na ang tumutugtog kasama ng mga members ng *Backyard Ideas*, ginawa niya lahat ng fills at accents ni CJ Tamayo kanina. Napapatingin sa kanya ang ibang miyembro, pakiramdam siguro ng mga ito ay ang dating drummer pa rin ang kasama. Pati mga diehard fans ay ganoon ang komento.

May nagsabi pang malinaw na kung sino ang magmamana ng posisyon ni CJ Tamayo. Kaya nagulat siya nang pagkatapos mag-usap ng band members ay naglagay ng isa pang drum set sa stage.

"Play-off!" sigaw ng nasa audience.

"You mean drum-off!" balik ni Mark. "When I call your name, please choose your drum set."

Tiningnan niya ang dalawang katabi at inisip kung sino kaya ang makakatunggali. Ganoon siya kasiguradong isa siya sa isasalang.

"Dax Fernandez!"

*Yes!* sigaw niya sa isip.

Ganito yata ang excitement na nararamdaman niya kapag nananalo ng tennis match. Aminado siyang competitive talaga siya.

Mas nagulat siya nang si CJ Tamayo ang umupo sa kabilang drum set. Nagtitili rin ang mga kababaihan.

Itinuro ng lalaki ang hawak na drumstick sa kanya na parang naghahamon at siya ang pinapauna. Nakasimangot ito. Parang nanggigigil.

Iniisip niya kung ano ba ang nagawa niyang masama rito. hindi niya napansing matalim na rin ang tingin niya dito.

*Ang yabang mo pala. Hindi mo ba matanggap na may mas magaling sa 'yo?*

Umiling siya at itinuro rin ang dulo ng drumstick niya rito. Ito ang mauna. Matagal silang nagtitigan hanggang sa wakas ay unang nagbawi ng tingin si CJ Tamayo.

Seryosong humarap ito sa audience at nagsimulang tumugtog. Nagpalakpakan ang mga tao nang matapos ang drum solo nito.

Inasar niya ito at inulit ang bawat notang tinugtog nito. Exactly as he played it.

Tila naapektuhan si CJ Tamayo dahil mas hinirapan nito ang sunod na set ng drum beats na ginawa. Pero agad din niyang nagaya.

"Pare, are you trying to prove to us that you are just a copycat?" sigaw ni CJ Tamayo. Tila uminit ang ulo nito.

Gusto niyang tumawa nang malakas. *Asar-talo ka lang.*

Hindi niya rin maintindihan kung bakit imbes na matakot sa hitsura ni CJ Tamayo ay parang natutuwa siya sa pagkasuplado nito. Lalo niya tuloy itong gustong asarin.

Napatingin siya sa mga hawak na drumsticks at hindi sinasadyang nabasa roon ang nakaukit na pangalan ni Dax.

Umiling siya. Naalala niyang bigla na naroon siya para kay Dax. Ginagawa niya ito para ipanalo ang kakambal niya at hindi para magpabida.

"Tumugtog ka nang maayos. Stop being an a*s!" sigaw ni CJ Tamayo.

Nagpanting ang tainga niya sa narinig at nakalimutan ang kapatid. *I'll show you what CJ Fernandez can do.*

Pinagpapalo niya ang drums at cymbals, pinagpapadyakan ang pedals. Hindi niya na rin napigilan ang manggigil. She had never played like this before. Out of rage.

Akala siguro ng audience ay hindi na siya titigil dahil hindi na niya hinayaang

makatugtog pa ulit si CJ Tamayo. Nahinto lang siya nang maputol ang isang stick. Bumigay iyon paghampas niya sa hi-hat.

Natahimik ang auditorium.

Parang bigla siyang napagod. Nakaramdam siya ng panghihina. She knew she just lost. She blew Dax's chances. That made her feel miserable.

Hindi niya tuloy napansin ang paglapit ni CJ Tamayo.

Nagulat siya nang yumuko ito sa harapan niya. Tiningnan siya nito sa mga mata nang ilapit ang mukha sa kanya. He was so close that she could almost hear him breathing.

"A word of advice, nobody will give a damn about how good you are if they can't stand to be around you. I can forgive copycats, but not jerks. I won't let my friends be with someone like you," bulong nito sa kanya, matalim ang tingin. Iyon lang at naglakad na ito pababa ng stage.

Nagtapos ang programa na walang nadeklarang nanalo.

"CJ! Pare! Sandali," tawag ni Jomar nang mag-walkout ang drummer pagkatapos lapitan si Dax Fernandez.

Mukhang hindi makapag-decide ang mga ito sa ngayon kung itutuloy ang pagkuha kay Fernandez bilang kapalit niya. Nag-announce na si Mark na ipagpapaliban ang pagpili ng bagong drummer.

Nanganganib ang samahan nila dahil kay Dax Fernandez.

# Chapter Four

*"Minsan lang ako ma-bad trip, Mark. Alam mo 'yan!" reklamo ni CJ sa mga kaibigan nang mag-usap sila kung sino ang pipiliin sa tatlong finalists. Nasa dressing room sila. "Kayo ang bahala kung gusto ninyong makatrabaho ang taong 'yon."*

*"CJ, pare, nakilala namin siya n'ung audition niya sa tambayan. Sobrang bait niyang bata," giit ni Arcy, ang pinakamatanda sa grupo. "Sobrang humble, magalang, at nakikinig. Madali siyang kausap," depensa nito kay Dax.*

*"Oo, CJ. Doon pa lang, he already got my vote," susog ni Raffy.*

*"And you've seen how he played. Ang laki ng*

*potensyal niya," sabi pa ni Jomar.*

*"But we'll listen to you, bro," saad ni Mark at seryoso siyang tiningnan.*

*Siya lang talaga ang may reservation sa pagkuha kay Dax. At nirerespeto pa rin ng mga ito ang desisyon niya.*

*"Let's do a drum off," sagot niya. "I'll show you what a jerk he is."*

*Kanina pa lang pagpasok sa auditorium ay napansin na niya kung gaano kataas ang tingin ni Dax Fernandez sa sarili. Parang nandidiring iniwasan siya nito nang muntik na niyang mabunggo. Hindi naman niya sinasadya.*

*Pagkatapos, tinitigan siya nito mula ulo hanggang paa. At nahuli niya ito na tatawa-tawa habang nakatingin sa kanya, at tumingin pa talaga na parang nakakaloko. Hindi man lang ito umimik nang tinanguan niya at kumunot-noo pa nang malaman na nakuha nito ang atensyon niya.*

*Dahil ba alam niyang ako ang papalitan niya?*

*At habang nagpe-perform siya kanina, nakakalalaki ito. Nakasimangot ito habang nakatitig sa kanya kaya parang nakakawalang-gana.*

*At nang sa wakas ay tumugtog ito kasama ang buong banda ay ginaya pa talaga ang istilo niya. Ipinapamukha ba nitong madali siyang gayahin at*

*palitan?*

*"Okay. I think a play-off between you two will help us decide," napabuntong-hiningang sabi ni Mark. Matamlay na tumango at nagkibit-balikat ang ibang miyembro.*

Nagpalamig muna si CJ ng ulo bago lumabas ng auditorium. Mahirap na, baka may madamay pa sa galit niya.

*What a show-off!* Naiinis pa rin siya kapag naaalala ang pagtugtog ni Dax Fernandez. Dumerecho si CJ sa comfort room.

"Not now, Dax!"

Napatigil siya sa kinatatayuan nang marinig na may magsalita. Saka lang niya napansin na nakasarado ang pinto ng isang cubicle. Pinatay niya ang tubig sa gripo at tinuyo ang mga kamay mula sa panyo sa bulsa.

Babae ang boses na nanggagaling sa nakasarang stall kaya nagtaka siya.

"I said, cut it out! Ang kulit mo!" inis na sabi ng babae. "Tumigil ka na sabi, eh! Ano ba, Dax?"

*Pinipilit ba siya ni Fernandez?*

Napakunut-noo siya. Isa lang ang Dax na kilala niya. At nakita niyang nakasampay sa nakasarang cubicle ang jacket na suot ng lalaki kanina.

*What an a*shole!* Hindi na siya nag-atubili kahit hindi niya naririnig na sumasagot si Fernandez. Naalala niyang naka-mask ito kanina at hindi nagsasalita.

"Ayoko na talaga. Kahit anong pilit mo, hindi ko gagawin ang gusto mo!"

Kakatukin na dapat niya ang pinto nang mapasigaw ang babae sa loob.

"Aray!" iyak nito.

"Miss, okay ka lang?" Kinatok niya pagkatapos nang malakas ang pinto.

Walang sagot mula sa loob. May bumagsak sa sahig. Parang bag.

"Miss! Miss?" ulit niya. "Buksan mo itong pinto." Pero nanatiling tahimik ang nasa loob ng cubicle kaya sinipa na niya ang pinto.

"Ano ba!"

Mukhang hindi naman ito tinamaan, nagulat lang.

Nag-iisa lang ang babae loob ng cubicle. At taliwas sa inaasan niya, wala roon si Dax Fernandez. Napatitig siya at kaagad ding napatalikod nang makitang naka-bra lang ang kaharap. Pero nabistahan na niya ang malusog nitong dibdib at ang makinis nitong balat. Napakaliit din ng baywang nito.

Mariing napapikit si CJ kahit nakatalikod na siya. At kahit nakapikit, tuksong bumabalik sa isip niya ang hindi pantay na kulay ng balat ng babae. Maputi ang mga parteng marahil ay palaging natatakpan ng damit samantalang tanned ang mga braso nito, leeg, at mukha.

"Are you decent now? Puwede na ba akong humarap? I'm really sorry. I was just worried about you." Iyon na yata ang pinakamahahaba niyang sinabi.

Nang hindi sumagot ang babae ay nagpaalam siyang haharap na siya.

"You're bleeding." May hawak itong tissue paper na nakabalot sa isang daliring dumudugo. Mukhang sinusubukan nitong ampatin ang pagdugo ng sugat. At nasa sahig pa rin ang bag nito at kumalat ang ilang gamit. Lumuhod siya para damputin ang mga iyon at iabot dito, pero pagtayo niya ay namukhaan niya ang babae.

Nakita na niya ito noon. Ito ang nakasama niya sa shed habang umuulan. Hindi niya makakalimutan ang mukha nito.

Hinablot ng babae ang bag mula sa kanya. "Get out!" utos nito. At muli itong pumasok sa cubicle at ibinagsak ang pinto.

Pero hindi niya ito nagawang tuluyang iwan

kaya naghintay siya sa labas ng comfort room. Suot na nito ang jacket nang lumabas.

Nagulat pa ito nang makita siya sa labas ng pinto. Inirapan siya nito at tuluy-tuloy na naglakad palayo. Napansin niyang nakakuyom ang isang kamay nito at may patak ng dugo sa kinatatayuan nito kanina.

"Miss, sandali!" habol ni CJ.

"Get lost!" madiing sabi nito. "Ayaw kitang makita." Tuluy-tuloy ito sa paglalakad nang mabilis.

"I think you need my help." Hinawakan niya ito sa balikat para patigilin. Nakita niyang namumutla ito. At mukhang masakit ang sugat nito. "I'll take you to the nearest clinic. Let me help you, okay? You remember me, right? Nagkita na tayo dati."

Siguro dahil masama na rin ang pakiramdam kaya pumayag itong sumunod sa kanya papunta sa sasakyan niya. Nakakabingi ang katahimikan habang nasa passenger seat niya ito.

Pagdating sa ER ay kailangan daw tahiin ang sugat nito. Sabi ng nurse, sadya raw madugo kapag daliri at sinabihan nito ang dalaga na huwag mag-alala. Nang tanungin ng doktor kung ano ang nangyari ay sinabi ng babae na nahiwa

ng walang takip na eyebrow razor sa bag nito ang kawawang daliri.

Naisip niya tuloy na deadly weapon pala ang pang-ahit ng kilay.

Napatingin ang doktor sa bag ng dalaga at nagbiro ito. "Ang dami yatang laman ng bag mo. May drumstick pang putol," komento nito.

Natigilan si CJ sa narinig.

Naalala niyang nabali ang stick ng nakalaban niya kanina. Naisip din niya ang hitsura ni Dax at ng babaeng kasama niya ngayon, ang suot nitong maluwag na pantalon at jacket na may hood.

"Ikaw si Dax Fernandez?" wala sa loob na sabat niya.

Napatitig sa kanya ang babae.

Tiningnan ng doktor ang chart ng dalaga. "Nickname mo ang Dax?"

Hindi alam ni CJ kung nagpapa-cute ba ang batang doktor sa dalaga. Hindi sumagot ang babae at sa wakas ay natapos na rin ang doktor sa pagtahi sa sugat nito. Ang alam nga niya ay puwede namang nurse na ang gumawa niyon. Nagpaalam na rin ang doktor matapos magreseta ng gamot at ibilin na bayaran ang bill sa cashier.

Bago pa napigilan ang sarili ay hinagip ni CJ ang chart na iniwan ng doktor sa ER bed at

nakita ang pangalan ng pasyente roon: Christine Jane Fernandez.

Gusto niyang mapangiti, pero pagtingin niya sa dalaga ay medyo nakasimangot ito sa kanya.

Napatingin siya sa drumstick na pinuna ng doktor. Yari iyon sa Hickory wood na kung tutuusin ay matibay namang materyal. May kasama sigurong galit ang hampas nito kanina kaya naputol iyon.

Kumbinsido na siyang si Dax Fernandez at ang babae ay iisa. "Nice to meet you. I'm Christian John." Hindi na muna niya inilahad ang kamay.

Kahit ayaw pahatid ni CJ Fernandez sa bahay ay wala itong nagawa kundi pumayag magpahatid sa kanya dahil gabi na para balikan pa ang sasakyan nito sa university. Hindi rin siya pumayag na mag-commute na lamang ito.

"So, nasa ospital ang tunay na Dax Fernandez?" paglilinaw niya sa dalaga nang nasa sasakyan na sila.

Tumango lang ito.

Inamin nitong mayroon talagang Dax Fernandez, pero dahil hindi ito makakapunta sa audition ay ang dalaga ang sumipot. Kakambal nito ang lalaki at napapayag itong magpanggap.

Naisip tuloy niya kung pareho ang ugali ang dalawa.

Sa isang banda, hanga siya sa pagmamahal nito sa kapatid. Gusto niya sanang itanong kung nasaan ang papa ng mga ito, pero pinigilan niya ang sarili. Baka lalo pa itong magalit pag nag-usisa siya.

"Ang kakambal mo ba 'yung kausap mo kanina sa CR?" Gusto niyang matawa dahil kung anu-ano na ang pumasok sa isip niya kanina. Iyon pala ay nagtatalo lang ang magkapatid sa telepono.

Akala niya talaga, maliban sa hambog ay manyak din si Dax Fernandez. Gusto nga niyang sapakin ang 'lalaki' kanina. Pero baka siya ang dapat upakan ni Dax.

Naalala niyang muli ang halos hubad na katawan ni CJ Fernandez kanina, kung paano siya napatitig dito bago nagbawi ng tingin at tumalikod.

Iwinaksi niya ang naiisip.

Kakatwang tila lumipad lahat ng negatibong emosyon niya patungkol kay Dax Fernandez. At hindi na rin mainit ang ulo niya.

Kung tutuusin, accomplishment talaga ang nagawa ni CJ Fernandez. She played live in front

of that huge audience gayong maliwanag na wala itong experience sa pagpe-perform nang ganoon. Maituturing ding exceptional ang drumming skills nito.

Kaya siguro siya nainis ay dahil nakanti ang kanyang ego. Sa unang pagkakataon may tumapat sa kakayahan niya. At mukhang kayang-kaya siyang lagpasan.

Pero nakakapagtakang parang bulang naglaho ang inis niya.

*Am I that attracted to her?*

Sa paradahan pa lang noon ay hindi na niya napigilan ang sariling titigan ito. Napukaw talaga ang interes niya.

Wala siyang narinig na sagot kaya nilingon niya sandali ang dalaga. Taliwas sa inaasahang nakasulimpat ito sa kanya, mukhang malungkot ito. "Christine... Jane."

He felt like they were deeply connected because of their respective names.

Bukod sa mga pangalan, may talento rin sila sa parehong instrumento. Gusto niyang mas mapalapit pa rito.

*She hates you, man.*

Pero umaasa siyang magbabago iyon. Gusto niya itong makitang ngumiti.

"Are you going to tell your bandmates?" tanong nito.

Mukhang naisip na nito ang consequences ng pagkakabuking niya sa pagpapanggap nito bilang si Dax sa audition kanina.

"Pag-iisipan ko."

Naramdaman niyang napatitig ito sa kanya.

Ground for disqualification ang ginawa nito, kung tutuusin. Panloloko iyon. Paano ito mapagkakatiwalaan sa ibang bagay?

"Ngiti ka muna," sabi niya nang lumabi ito. At nginitian niya ang babae. Nabibighani ang mga kababaihan kapag ngumingiti siya nang ganoon.

"Niloloko mo ba ako?" At sumimangot ang dalaga.

Natawa si CJ. "Sabi na nga ba 'yan ang magiging reaksyon mo."

She's very different from other girls he'd met.

"Salamat," tipid na sabi ng dalaga nang nasa tapat na sila ng bahay nito.

Binuksan niya ang pinto ng sasakyan para rito at inalalayan itong makababa. Binitbit niya ang bag nito patungo sa gate.

"Christine."

Nakasimangot itong tumingin sa kanya.

"Huwag mo akong tawaging Christine."

"So, ano'ng itatawag ko sa 'yo? Jane?"

"Huwag din 'yun." Kinuha nito ang bag na hawak niya at may dinukot sa isang bulsa niyon.

"Wala naman na sigurong matalas na bagay diyan, ano?" biro niya.

"Siguro pag naghiwalay na tayo, matatapos na lahat ng kamalasan ko ngayong gabi." Ipinakita nito sa kanya ang dinukot na susi.

"Grabe ka namang magsalita. Ako talaga ang dahilan ng kamalasan?" Natatawa siyang napailing.

Nakita niyang pinipigilan nitong mangiti.

"Ano'ng itatawag ko sa 'yo?" ulit ni CJ. "Ang pangit naman kung 'Hoy!' lang ang sasabihin ko sa tuwing magkakasalubong tayo."

Napairap ito bago ipinasok ang susi sa seradura ng gate gamit ang kaliwang kamay. Humarap ito sa kanya matapos mabuksan ang gate.

"May sasabihin ka pa ba bago ako pumasok?" tanong nito.

"I'm sorry sa nangyari kanina. I mean, sa CR. Nag-alala kasi ako kaya sinipa ko 'yung pinto."

Sandali itong natigilan at bahagyang namula.

"Huwag na nating balikan iyon. Pakiramdam

ko lang, galit ka na sa 'kin, I mean, kay Dax bago pa tayo nag-one on one kanina," saad ng dalaga.

Hindi siya kaagad nakasagot.

"Don't get me wrong but it seems to me na hindi ka pa handang bitiwan ang posisyon mo sa banda n'yo," patuloy nito nang manatili siyang tahimik. "Anyway, salamat ulit sa tulong mo. Saka na lang kita iimbitahing tumuloy..." Pumasok na ito sa loob ng gate.

"I understand." Mukhang mag-isa lang din ito sa bahay.

"It's getting late so you should go on your way. Iba na ang panahon ngayon. Madami nang walang kaluluwa at halang ang mga bituka. Naglipana ang mga adik."

Natawa siya. Iyon mismo ang idinahilan niya sa dalaga kanina para pumayag itong ihatid niya.

"I hope you can see the bright side of our encounter." He smiled at her. "Sana gumaling kaagad ang sugat mo." Nagpaalam na siya rito at tumalikod na.

"Wait!"

Nilingon niya ito at muling lumapit dito.

"About Dax... totoong talented ang kapatid ko. May sarili siyang style at may puso pag tumutugtog. And most importantly, he's not a

jerk."

Nakonsyensya si CJ sa mga pinagsasabi niyang insulto rito kanina.

"Magaling siyang makisama at gusto niya talagang mapabilang sa banda n'yo. So I'm asking you to please give him another chance. Don't let your impression of me affect your judgment," pakiusap nito.

Tumingin siya rito at napabuntong-hininga.

"By the way, I'm CJ. CJ Fernandez." Inilahad nito ang kamay na may bandage, pero para lang ikaway iyon. At ngumiti ito sa kanya.

# Chapter Five

Isa ang Humanities sa mga naiwan niyang subject at kailangan nang kunin iyon ni CJ Tamayo ngayong huling sem niya para maka-graduate. Napatingin siya sa pintuan nang may pumasok sa classroom. It was her. Si CJ Fernandez.

Malayo ang hitsura nito ngayon kumpara noong huli silang magkita. She looked so dainty. Babaeng-babae. Nakalugay ang mahaba, tuwid, at itim na itim nitong buhok. Naka-tennis outfit ito kaya nasilayan niya ang makikinis nitong binti. Galing siguro sa PE class nito ang dalaga. Napansin niyang mas maputi ito ngayon.

Sino'ng mag-aakalang kaya nitong magtambol

ng 220-270 beats per minute o pumadyak sa double bass drums?

Wala itong choice kundi maupo sa tabi niya dahil iyon na lang ang bakanteng upuan, hindi niya ito tinawag o anupaman. Mukhang magkakasama silang dalawa buong semester.

Hindi niya napigilang mangiti nang makita itong sumimangot sa realisasyong makakatabi siya nito. Inilapag ng dalaga ang dalang gamit at naupo. Mukhang magaling na ang daliri nito dahil hindi na iyon nakagasa.

"Mukhang puwede ka nang mag-drums ulit," aniya, at tiningnan ang kamay nito.

"My brother, Dax Fernandez, is the drummer." At inirapan siya ng babae.

Napabuntong-hininga si CJ. Nagdesisyon kasi ang banda na si Tony Rubio ang kuning bagong drummer kahit sinabi niyang okay lang sa kanya kahit si Dax Fernandez pa ang maging successor niya. Nanahimik lang siya tungkol sa magkapatid.

"You can't ignore me forever," sabi niya sa dalaga. Sigurado siyang lilipat ito ng puwesto sa sunod na class meeting.

Dumating ang instructor na si Arcy Andaya at nag-check ng attendance. Masaya si CJ Tamayo at

at natiyempuhan niyang nagturo ang kabarkada. Bihira kasi itong humawak ng klase dahil bukod sa sariling business ay hindi pa rin nito iniiwan ang *Backyard Ideas*. Nagti-take din ito ng master's degree kaya nasa unibersidad pa rin.

Balita niya ay cool itong instructor at hindi conventional ang pagtuturo nito. Siguro dahil hindi nalalayo ang edad nito sa mga tinuturuan.

Umakto itong parang hindi sila magkakilala noong tinawag nito ang pangalan niya. Hindi niya sigurado kung nag-meet ito at ang dalaga noong last audition, pero natatandaan niyang sinabi ni Arcy na nakilala nito si Dax Fernandez. Isa pa, hindi naman malabong may makakilala rito o sa kanilang dalawa, lalo na kung interesado rin sa banda ang nasabing estudyante. Pero sa tingin ni CJ Tamayo, wala sa mga bata niyang kaklase ang nakakakilala sa kanila ni Arcy, maliban na lang siguro kay CJ Fernandez.

Hindi niya alam kung nang-aasar si Arcy sa sunod nitong sinabi. Pero dahil nga wala namang nakakaalam na nagpanggap ang katabi niya bilang si Dax Fernandez, ayaw niyang isipin na pinaglalaruan siya ng kaibigan.

"Be sure to like your seatmates because you'll be spending the rest of the semester in that same

place." Katwiran ng instructor, mas madali raw nitong maaalala silang lahat kung hindi sila palipat-lipat ng upuan.

Dahan-dahan siyang lumapit at humilig sa upuan ni CJ Fernandez. "You were saying…?" Sumulyap pa siya rito at ngumiti na parang nang-aasar.

Sandali siya nitong tiningnan at nagtaas ng kamay.

"Yes, Christine Jane," tugon ni Arcy na tumingin saglit sa attendance sheet. "Oh, CJ pala ang isinulat mong nickname dito."

"Puwede pa po bang magpalipat ng upuan, Sir?"

"Call me Arcy. Believe me, di pa ako ganoon katanda." Tumawa ang ibang estudyante. "Teka, dalawa pala kayong CJ niyang katabi mo. Gusto mong lumipat ng upuan?"

Tumango ito kay Arcy. "Yes, Sir."

Mukhang mas komportable ang dalaga na may kinikilalang authority at may sinusunod na hierarchy. Naku-curious siya kung ano pa ang ginagawa nito bukod sa pag-aaral at pagdadrums.

"Bakit ka pa lilipat? Ayaw mo bang makatabi si CJ Boy? At para iwas-confusion, I hope it's okay

if we call you CJ Girl."

Nanatiling tahimik ang dalaga.

"Okay, baka sabihin mo naman diktador ako," nangingiting sabi ni Arcy na bahagyang tumingin kay CJ Tamayo. "Is there anyone in class who is willing to swap seats with CJ Girl and separate her from CJ Boy?"

*Siraulo talaga itong Arcy na 'to,* saloob ni CJ Tamayo.

Hindi raw diktador pero ang galing mag-manipulate. Wala sa mga kaklase nila ang nagtaas ng kamay.

"Sorry, CJ Girl, mukhang tadhana n'yo talagang magkatabi ni CJ Boy. Ang lapit pa ng mga pangalan n'yo." Akala mo naman ay may nadiskubreng pambihirang bagay itong si Arcy.

May estudyante pang nagkomento na ang Christine ay female form ng Christian at ang John naman ay male version ng Jane.

"Nag-usap yata ang parents nila," gatong pa ni Arcy sa klase na para bang wala silang dalawa roon.

Hindi natawa si CJ Girl. Mukhang na-corny-han ito. Binalingan ito ni Arcy.

"Baka i-drop mo ang klase ko, ha?" biro nito sa dalaga. "Give it a chance. Malay mo, after this

semester, magkaintindihan kayo ni CJ Boy." At nanukso ang buong klase. Pinatahimik ni Arcy ang mga ito. "In this course we'll study aspects of human culture and society," introduction nito sa subject.

Talunang sumandal sa upuan nito si CJ Girl.

"CJ Boy, behave," pahabol ni Arcy at kumindat sa kanya. Parang may alam ito.

Napailing na lang si CJ Tamayo at pinigil ang sarili na tumingin sa katabi.

"Hanggang kailan kayo hindi magkikibuang magkapatid?" sermon ng mama nila na napansin na ang hindi nila pagpapansinan ni Dax. Pinilit sila nito na kumain sa labas.

"David Xavier Fernandez! Christine Jane Fernandez! Hindi na kayo mga bata."

Alam nilang seryoso ang ina dahil binuo na nito ang mga pangalan nila.

Nalaman ni Dax ang nangyari sa audition kaya masama ang loob nito sa kanya.

Siya naman ay hindi nakasama sa napili ng *Unified Tennis Philippines* (UTP) para sa National Junior Tennis Team members dahil kulang ang tournaments na nasalihan niya. Hindi siya nakausad sa national ranking na

basehan ng nasabing organization sa pagpili ng representatives para sa international competitions.

Hindi siya nakalaban dahil masakit talaga ang kamay niya.

Nakarating naman kay Dax ang bali-balita na malaki raw ang ulo nito kaya hindi napili ng *Backyard Ideas*. Kung sasabihin naman nila ang totoo ay lalabas lang na niloko nito ang band members ng *Backyard Ideas*.

Hanggang ngayon ay nagsisisihan pa rin sila.

"You should have learned an important lesson from this," saad ng mama nila.

Naintindihan naman daw siguro ng banda kung hindi nakasipot si Dax sa audition, pero pinili raw nilang magkapatid na gawin ang mali.

"Madaming paraan para maabot n'yo ang mga pangarap n'yo. I'm sure marami pang oportunidad ang darating sa inyo, pero ang samahan n'yo sa isa't isa, iyan ang kailangan ninyong ayusin. Tatatlo na nga lang tayo, ganyan pa kayo," nagtatampong sabi ng mama nila.

Napatungo silang magkapatid. Ayaw nilang binibigyan ito ng sama ng loob. Madami na itong sakripisyong ginawa para sa kanila. Ang totoo ay hindi nila tunay na ina si Miss Lodi Fernandez.

Volunteer nurse ito noon sa ampunang palakad ng simbahan kung saan iniwan daw silang magkapatid ng isang tiyahin dahil namatay umano ang tunay nilang ina sa panganganak.

Hindi raw sila kayang suportahan ng tiyahin at hindi rin nito kilala ang kanilang ama na naglaho agad nang malamang nagdadalang-tao ang nanay nila.

Hindi nakapag-asawa si Miss Fernandez. Hindi rin ito nabiyayaan ng anak, pero dahil busilak at malaki ang puso nito, nagdesisyon ang babae na legal silang kupkupin. Ito lang daw ang nakakapagpatahan sa kanilang magkapatid noon.

Suwerte raw ang hatid nila rito. Nakakilala raw ito ng business partners na mapagkakatiwalaan. Nasuportahan nito ang pag-aaral nila at nagkaroon sila ng komportableng pamumuhay.

"Huwag n'yo nang hintayin na may mangyari pang masama bago kayo magkapatawaran," patuloy nito. "Buti pa noong mga bata kayo, ang dali n'yong pagbatiin."

Saka lang niya tiningnan si Dax. Ito na nga siguro ang pinakamalaki nilang away na magkapatid.

Naisip din niyang mas malaki ang kasalanan

niya. She let her temper get the better of her.

"I'm sorry, Dax, nadamay ka," pagpapakumbaba ni CJ.

Pagod na din siyang makipagmatigasan. Halos wala nga siyang kaibigan dahil mas gusto niyang mapag-isa. Si Dax talaga ang best friend niya.

These past few weeks were draining for her as she couldn't share her feelings with anyone. Ayaw niya rin kasing mag-alala ang mama niya kaya hangga't maaari ay hindi niya ito pinagsasabihan ng problema.

Tila nagulat si Dax sa narinig. Sa kanilang dalawa kasi ay ito ang palagi ang nagbibigay at umiintindi.

"May sakit ka ba?"

Napakunot-noo siya sa tanong nito. "Wala."

Natawa si Dax at tumingin sa kanilang ina. "It's a miracle, Ma. Humingi siya ng sorry!"

Natawa rin si Lodi.

"Tse!" sabi ni CJ sa kakambal.

"Hay, salamat." Mukhang napasaya nila ang mama nila. "Kain na."

Niyakap niya si Dax na katabi niya sa upuan. "Anong brand nga ulit ng drumsticks 'yung ipinapabili mo?"

Napangiti ito. "Bukas ituro mo sa 'kin kung sino si CJ Tamayo," bulong ni Dax at niyakap din siya.